Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ABRIL 13, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 093-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI GNG. MARITA SANTOS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO, NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (THREE-COCK DERBY) SI G. RENE SANTOS SA ABRIL 19, 2009.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Marita Santos na makapagdaos ng pasabong ( three – cock derby si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Abril 19, 2009;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. John Carlos C. delos Reyes (Tagapamuno ng Lupon sa Libangan), na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Marita Santos, Pangkalahatang Tagapamahala, Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito, na makapagdaos ng pasabong (three-cock derby ) si G. Rene Santos sa Abril 19, 2009.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Paglilisensya at Permiso, Kagawaran ng Pulisya at Pangkalahatang Tagapamahala ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan